



Magkasamang paglikha ng isang inklusibong komunidad



Filipino

Dokumento ng Buod ng Konsultasyon: Paano magagamit ng mga negosyo at komunidad ang Pang-Gabay na mga Prinsipyo

Dokumento ito ng buod ng konsultasyon. Nagbibigay ito ng mabilis na pangkalahatang pagtunghay ng mga Pang-Gabay na Prinsipyo sa Australia's Disability Strategy 2021-2031 (Istratehiya sa Kapansanan ng Australya 2021-2031) (ang Istratehiya). Humihiling kami ng mga halimbawa kung paano maaaring gumana ang pang-gabay na mga prinsipyo. Ang dokumento ng kabuuang konsultasyon ay nagbibigay ng karagdagang mga detalye tungkol sa bawat isyu, nagbibigay ito ng mga paglalarawan at may karagdagang mga tanong.

Ang Istratehiya ay isang plano upang gawing mas mahusay ang buhay para sa mga taong may kapansanan. Ang Istratehiya ay binuo ng lahat ng antas ng pamahalaan at kasama ang mga taong may kapansanan, ang kanilang mga pamilya, tagapag-alaga at kinatawan. Dalawang taon ng pakikipagkonsulta ang inabot sa pagbuo nito. Ang Istratehiya ay makukuha sa [Disability Gateway](#).

May walong prinsipyo sa planong ito upang tulungan ang mga pamahalaan, negosyo at komunidad sa mas mahusay na pagsasali ng mga taong may kapansanan. Ang mga prinsipyong ito ay dapat gamitin sa lahat ng anumang bagong mga aksyon ng mga organisasyon, maging pamahalaan man, negosyo o komunidad (halimbawa, kapag nagtatayo ng bagong mga gusali o nagbibigay ng mga serbisyo sa mga Australyano).

Ibinatay ang walong prinsipyo sa mga binuo ng United Nations (UN) (Mga Bansang Nagkakaisa) at nakasaad sa Convention on the Rights of Persons with Disabilities (CRPD) (Kapulungan tungkol sa mga Karapatan ng mga Taong may Kapansanan). Ang UN CRPD ay isang mahalagang kasunduang pandaigdig na tumitiyak na ang mga taong may kapansanan ay may kaparehong mga karapatan kagaya sa lahat ng ibang tao at protektado ang mga karapatang pantao ng mga may kapansanan.

Upang magamit ng mga pamahalaan, negosyo at komunidad ang lahat ng walong prinsipyong ito, ang mga pamahalaan ay bumubuo ng isang gabay at humihiling ng mga komento upang matiyak na maisasali nito ang mga bagay na napakahalaga sa mga taong may kapansanan.



Magbigay ng iyong opinyon:

Para sa bawat prinsipyo, mangyaring magbigay ng isang halimbawa tungkol sa:

- 1. ano ang gumagana nang mahusay para sa mga taong may kapansanan**
- 2. ano ang hindi gumagana para sa mga taong may kapansanan**

Prinsipyo 1: Ang mga tao ay malayang makakapagpasya nang sarili

Sa paglalapat ng prinsipyong ito, hihilingan ang mga tao na pag-isipan kung ang panukalang aksyon ay:

- tutulong sa mga taong may kapansanan na makapagpasya nang sarili katulad ng mga taong walang kapansanan
- magbibigay sa mga tao ng access sa sinuportahang pagpapasya kung kailangan.

Tandaan - ang kabuuang pananalita para sa prinsipyong ito sa Istratehiya ay "*Paggalang sa likas na dignidad, awtonomiya ng indibidwal kabilang ang kalayaang gumawa ng sariling pagpapasya, at kalayaan ng mga tao*".

Prinsipyo 2: Walang pagdiskrimina sa sinuman (Walang diskriminasyon)

Sa paglalapat ng prinsipyong ito, hihilingan ang mga tao na pag-isipan kung ang panukalang aksyon ay:

- sumusunod sa Disability Discrimination Act 1992 (Batas sa Diskriminasyon laban sa Kapansanan 1992), mga batas laban sa diskriminasyon ng estado at teritoryo at sa UN CRPD
- umiiwas sa di-direktang diskriminasyon at sumusuporta sa makatwirang mga pag-aakma (Halimbawa, pagbibigay ng screen reader o iba pang teknolohiya sa isang taong may kapansanan sa paningin kung kailangan niya nito upang magsagawa ng kanyang trabaho).

Prinsipyo 3: Ang mga taong may kapansanan ay may kaparehong mga karapatan kagaya ng ibang tao upang makasali sa lipunan

Sa paglalapat ng prinsipyong ito, hihilingan ang mga tao na pag-isipan kung ang panukalang aksyon ay susuporta sa:

- pagsali at paglahok sa lahat ng mga aspeto ng pamumuhay sa komunidad
- pagkamit ng lubos na kakayahan ng mga tao.

Tandaan - ang kabuuang pananalita para sa prinsipyong ito sa Istratehiya ay "*Lubos at epektibong paglahok at pagsali sa lipunan*".

Prinsipyo 4: Ang mga taong may kapansanan ay igagalang kung sino sila

Sa paglalapat ng prinsipyong ito, hihilingan ang mga tao na pag-isipan kung ang panukalang aksyon ay:

- igagalang at kikilalanin ang kahalagahan at dignidad ng lahat ng taong may kapansanan.

Tandaan - ang kabuuang pananalita para sa prinsipyong ito sa Istratehiya ay "*Paggalang sa pagkakaiba at pagtanggap ng mga taong may kapansanan bilang bahagi ng pantaong pagkakaiba-iba at pagkatao*".

Prinsipyo 5: Lahat ay dapat magkaroon ng mga patas na oportunidad (Pagkakapantay-pantay ng oportunidad)

Sa paglalapat ng prinsipyong ito, hihilingan ang mga tao na pag-isipan kung ang panukalang aksyon ay:

- magkakaroon ng mga hadlang o mga proseso na di-makatarungang hahadlang sa mga taong may kapansanan sa pagkamit ng kanilang mga mithiin.

Prinsipyo 6: Lahat ay dapat magkaroon ng patas na pag-access (Pag-access)

Sa paglalapat ng prinsipyong ito, hihilingan ang mga tao na pag-isipan kung ang panukalang aksyon ay:

- magkakaroon ng makukuhang impormasyon, teknolohiya, mga serbisyo at lokasyon
- maglalapat ng mga prinsipyo ng disenyong panlahat (upang ang lahat ay maka-access sa mga serbisyo at mga gusali nang hindi mangangailangan ng mga kagamitang natatangi o iniakma).

Prinsipyo 7: Lahat ng mga taong may kapansanan ay dapat magkaroon ng patas na oportunidad, anuman ang kanilang lahi, kasarian o iba pang mga katangian (Pagkakapantay-pantay ng mga tao)

Sa paglalapat ng prinsipyong ito, hihilingan ang mga tao na pag-isipan kung ang panukalang aksyon ay:

- susuporta sa lubos na pag-unlad, pagsulong, pagkakaroon ng kapangyarihan at pagkakapantay-pantay ng lahat ng tao anuman ang kanilang mga pagkakaiba at identidad
- magiging ligtas at angkop ayon sa kultura.

Prinsipyo 8: Dapat igalang ang mga batang may kapansanan (0-18 taong gulang) kung sino sila habang sila ay lumalaki

Sa paglalapat ng prinsipyong ito, hihilingan ang mga tao na pag-isipan kung ang panukalang aksyon ay:

- mangangahulugang ang mga batang may kapansanan ay tatraturhin nang katulad sa mga batang walang kapansanan
- ituturing na pangunahing konsiderasyon ang pinakamabuting kapakanan ng bata
- magbibigay sa mga batang may kapansanan ng oportunidad na makalahok sa pagpapasya batay sa kanilang edad at maturidad
- makapagbibigay ng access sa mga suporta upang ang mga batang may kapansanan ay makagawa o makalahok sa paggawa ng mga desisyon.



Karagdagang mga Tanong - Magbigay ng iyong opinyon:

1. Sa palagay mo ba ay may iba pang mga prinsipyo na dapat idagdag sa listahang nasa itaas?

2. Mayroon ka bang iba pang mga mungkahi kung paano magagamit ng mga organisasyon ang mga prinsipyong ito upang pabutihin ang kanilang mga aksyon?

Para sa karagdagang impormasyon, mga paglalarawan at iba pang mga ideya tungkol sa komento, maaari mong makuha ang kabuuang Dokumentong Konsultasyon sa:

<https://engage.dss.gov.au/ads-consultations-develop-guide-evaluation>

Paano ka makakapagbigay ng komento

Magpadala sa amin ng nakasulat na pagsusumite (submission)

Maaari kang magpadala ng nakasulat na pagsusumite sa:

Australia's Disability Strategy Governance and Engagement Section
GPO Box 9820
Department of Social Services
Canberra, ACT 2601

Web

Sa pamamagitan ng website ng konsultasyon sa DSS Engage

I-download ang dokumentong ito ng konsultasyon

I-download ang bersyong Easy Read ng dokumentong ito ng konsultasyon

Mag-enter o mag-upload ng nakasulat na pagsusumite

Panoorin ang isang Auslan video

Gumawa ng video o audio recording: Kung gusto mong magpadala ng video o audio recording ng iyong pagsusumite, mangyaring bisitahin ang DSS Engage para malaman kung paano.

Kung mag-a-upload ka ng iyong pagsusumite sa online, kabilang ang paggamit ng online template, hihilingan kang magsabi kung gusto mong mailathala ang iyong pagsusumite sa website ng DSS.

Kung ipapadala mo ang iyong pagsusumite sa email o sa pamamagitan ng koreo, mangyaring sabihin mo kung gusto mong mailathala sa online ang iyong pagsusumite.

Ang mga tanong tungkol sa proseso ng konsultasyon ay maaaring idirekta sa disabilityreform@dss.gov.au

Maaari mo ring tawagan ang Department of Social Services (Kagarawan ng mga Serbisyong Panlipunan) sa **1800 334 505**

Ang Petsa ng Pagsasara para sa Pagsusumite ay sa Miyerkoles, ika-30 ng Nobyembre 2022 - 11:59 ng gabi